

 MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin	Paaralan: DepEdClub.com	Baitang: 4
	Pangalan ng Guro:	Asignatura: GMRC
	Petsa at Oras ng Pagtuturo: OCTOBER 14 - 18, 2024 (WEEK 3)	Markahan at Linggo: Ikalawang Markahan
I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN		
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Natututuhan ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa pamilya bilang pinagmumulan ng maayos na komunikasyon sa kapuwa.	
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Naisasagawa ng mga mag-aaral ang mga natutuhan mula sa pamilya kaugnay ng maayos na komunikasyon sa kapuwa bilang tanda ng pagiging mapagpasensiya.	
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	Naisasabuhay ang pagiging mapagpasensiya sa pamamagitan ng angkop na pananalita at pagtugon sa kapuwa nang may pagsasaalang-alang sa damdamin ng kapuwa. 1. N a t u t u k o y a n g m g a a r a	

	l n a n a t u t u h a n m u l a s a p a m i l y a k a u g n a y n g m a a y o s n a k o m u n i k a s
--	---

	y o n s a k a p u w a , 2. Naipaliliwanag na ang pamilya bilang pinagmumulan ng maayos na komunikasyon sa kapuwa ay nakapaglililang ng mga angkop na gawi o pagtugon sa pakikipag-ugnayan ng mga kasapi nito sa ibang tao. 3. Nailalapat ang mga natutuhan mula sa pamilya kaugnay ng maayos na komunikasyon sa kapuwa.
D. Nilalaman	Pamilya bilang Pinagmumulan ng Maayos na Komunikasyon sa Kapuwa. a. Kahalagahan ng Maayos na Komunikasyon sa Pamilya b. Epekto ng Teknolohiya sa Komunikasyon ng Pamilya c. Mga Pansariling Paraan sa Pagpapanatili ng Maayos na Komunikasyon sa Pamilya at sa Kapuwa
E. Lilingang Pagpapahalaga	Mapagpasensiya (<i>Patience</i>)

F. Integrasyon	Epekto ng Teknolohiya sa Komunikasyon ng Pamilya
II. Batayang Sanggunian sa Pagkatuto	Deafaw. (2020, September 23). International Week of the Deaf People animation Call for everyone to learn sign language [Video]. YouTube. http://www.Deafaw.com. 1

	https://www.youtube.com/watch?v=himAkeJveE0 Kahulugan ng komunikasyon. (n.d.). Mga Araling Filipino. Retrieved from https://mgaaralingfilipino.wixsite.com/akademikongfilipino/post/komunikasyon Komunikasyon sa pamilya. (n.d.). Pinoy Collection. Retrieved from https://pinoycollection.com/sanaysay-tungkol-sa-pamilya OpenAI. (n.d.). Retrieved from https://chat.openai.com ThoughtCo. (n.d.). What Is Communication? Retrieved from https://www.thoughtco.com/what-is-communication-1689877																						
III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO																							
A. Pagkuha ng Dating Kaalaman (Mind & Mood)	UNANG ARAW																						
	1. BALIK-ARAL: Balikan ang mahahalagang kaalaman na natutuhan sa nakaraang aralin at sagutin ang sumusunod na tanong.																						
																							
	<table><tr><td>Pamilya</td><td>Tatay</td><td>Nanay</td><td>Ate</td><td>Kuya</td><td>Ako</td></tr><tr><td>Ano ang mga tungkulin o gawain ng</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td>bawat miyembro ng pamilya?</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table>						Pamilya	Tatay	Nanay	Ate	Kuya	Ako	Ano ang mga tungkulin o gawain ng						bawat miyembro ng pamilya?				
Pamilya	Tatay	Nanay	Ate	Kuya	Ako																		
Ano ang mga tungkulin o gawain ng																							
bawat miyembro ng pamilya?																							
			2																				

2. Ano ang epekto ng pagtupad sa mga gawain ng pamilya? _____

(Palatandaan: malinis at organisadong bahay, magandang relasyon, mahusay na paggawa ng tungkulin, atbp.)

3. Paano nagkakaroon nang pag-unawa ng mga tungkulin sa pamilya nang may kahusayan? _____
(Palatandaan: patungo ang talakayan sa kahalagahan ng komunikasyon)

Pidbak: Dahil maayos ang komunikasyon sa pamilya naipatutupad ang mga gawain o tungkulin nang may kahusayan:

- masusing organisasyon
- masusing pakialam
- life-long skills*
- masusing pag-aalaga
- malasakit sa kapuwa
- masayang pamilya




Mahalaga ang maayos na komunikasyon upang lubos na magkakaintindihan at walang kalituhan. Ang maayos na komunikasyon ay nagdudulot ng positibong relasyon at pagpapahalaga sa isa't isa.

HANAP-SARILI: Basahin ang sumusunod na mga pahayag. Ilagay ang tsek (✓) sa ilalim ng hanay na pinakamainam sa iyong sarili.

Pagkatapos mag- tsek isa-isahin ang bawat sagot at hingkayatin ang mga mag-aaral magbigay ng sariling paliwanag batay sa kanilang karanasan sa kanilang bahay o pamilya.

	Palagi	Minsan	Hindi Kailanman
1. Napakahalaga sa akin ang aking pamilya.			
2. Ang mga magulang ko ay nagbibigay oras upang alamin kung ano ang nangyari sa araw ko.			
3. Sa bahay binibigyan ng atensiyon ang aking mga kuwento.			
4. Ako ay nakapagsasabi nang aking damdamin at ideya sa pamilya.			
5. Ako ay may positibong pananalita.			
6. Iginagalang ko sa salita at kilos kahit sino ang kausap ko.			
7. Mahalaga sa akin ang maayos na pakikitungo.			
8. Bilang isang mag-aaral, ang layunin ko ay matutong makihalubilo sa iba't ibang tao.			
9. Binibigyang- pansin ko ang pakikipag- usap sa tao na maging magalang at hindi makasakit.			

--	--	--

B.	10. Sa pamilya ko nakukuha ang aking pananalita.								
Paglalahang Layunin (Aims)	1. Panghikayat na Gawain: <i>Mag-isip, Magpares, Magbahagi</i> Mga Panuto/Gabay: - Ang gawain na ito ay pandalawahan o <i>dyad activity</i>. - Sa pamamagitan ng gawain, sagutin <table><tr><td></td><td> Isipin (Think): - Paano kayo mag-usap-usap sa pamilya? (Ikaw at ang iyong magulang, ikaw at mga kapatid, ikaw at mga lolo at lola, ikaw at mga magulang) - Ano ang nararamdaman mo kapag pinagsasabihan ka ng mga magulang dahil sa nagawang mali? - Sa iyong palagay, paano ito nakaaapekto sa iyong pakikisalamuha sa kapamilya at sa ibang tao? </td></tr><tr><td></td><td> Kapareha (Pair) - Ibahagi sa kapareha ang naging kasagutan sa mga tanong (tiyakin na pareho kayong nagbahagi ng inyong kasagutan). - Batay sa iyong ibinahagi sa isa't isa, kilalanin ang mga positibong epekto nang bukas at maayos na komunikasyon sa pamilya. </td></tr></table>					Isipin (Think): - Paano kayo mag-usap-usap sa pamilya? (Ikaw at ang iyong magulang, ikaw at mga kapatid, ikaw at mga lolo at lola, ikaw at mga magulang) - Ano ang nararamdaman mo kapag pinagsasabihan ka ng mga magulang dahil sa nagawang mali? - Sa iyong palagay, paano ito nakaaapekto sa iyong pakikisalamuha sa kapamilya at sa ibang tao?		Kapareha (Pair) - Ibahagi sa kapareha ang naging kasagutan sa mga tanong (tiyakin na pareho kayong nagbahagi ng inyong kasagutan). - Batay sa iyong ibinahagi sa isa't isa, kilalanin ang mga positibong epekto nang bukas at maayos na komunikasyon sa pamilya.	Ituro sa pagtalakay ng aralin na matanto ang kahalagahan ng wastong komunikasyon at makagawa ng kongkretong paraan upang mapabuti ang komunikasyon sa pamilya, ibang tao, at maunawaan na ang komunikasyon ay nangangailangan ng pasensiya.
	Isipin (Think): - Paano kayo mag-usap-usap sa pamilya? (Ikaw at ang iyong magulang, ikaw at mga kapatid, ikaw at mga lolo at lola, ikaw at mga magulang) - Ano ang nararamdaman mo kapag pinagsasabihan ka ng mga magulang dahil sa nagawang mali? - Sa iyong palagay, paano ito nakaaapekto sa iyong pakikisalamuha sa kapamilya at sa ibang tao?								
	Kapareha (Pair) - Ibahagi sa kapareha ang naging kasagutan sa mga tanong (tiyakin na pareho kayong nagbahagi ng inyong kasagutan). - Batay sa iyong ibinahagi sa isa't isa, kilalanin ang mga positibong epekto nang bukas at maayos na komunikasyon sa pamilya.								

		Ibahagi (Share) Ibahagi sa klase ang nabuong kasagutan ng magkapareha.										Ang mga sagot: 1.KOMUNIKASYON 2.PAMILYA 3. MAPAGPASENSYA																																				
	2. Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin																																															
	Panuto. Punan ang nawawalang letra upang mabuo ang salita.																																															
	<table><tr><td>1.K</td><td></td><td></td><td>U</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td>N</td></tr></table> <table><tr><td>2.M</td><td></td><td>P</td><td>A</td><td>G</td><td></td><td>A</td><td>S</td><td></td><td></td><td>S</td><td>Y</td><td>A</td></tr></table> <table><tr><td>3.</td><td colspan="11"></td></tr></table>												1.K			U								N	2.M		P	A	G		A	S			S	Y	A	3.										
1.K			U								N																																					
2.M		P	A	G		A	S			S	Y	A																																				
3.																																																

	1. Ang pagpapalitan ng mga saloobin, ideya, at damdamin sa isa't isa. 2. Ito ang pinakamaliit at pinakamahalagang yunit ng lipunan na binubuo ng isa o dalawang magulang at kanilang mga anak. 3. Ang kakayahang maghintay at magtiis sa palitan ng mga mensahe upang matiyak na ang bawat partido ay lubos na nauunawaan at makakonek sa usapan	
--	--	--

C. Paglinang at Pagpapalalim (Tasks and Thought)	IKALAWANG ARAW Unang Paksa: Kahalagahan ng Maayos na Komunikasyon sa Pamilya Introduksiyon: Panimula Tungkol sa Konsepto ng Komunikasyon	Maaaring magsimula ng maikling pagpapakilala sa konsepto ng
		komunikasyon at ang proseso ng pakikipagtalastasa n.
	Interpretasyon sa kahulugan ng mensahe Ang komunikasyon ay ang proseso ng pagpapadala at pagtanggap ng mga mensahe sa pamamagitan ng berbal o di-berbal na paraan, kabilang ang pagsasalita o oral na komunikasyon; pagsulat at grapikong representasyon (tulad ng <i>infographics</i>, mapa, at tsart); at mga senyas, signal, at kilos. Sa simpleng sabi, ang komunikasyon ay tinatawag na paglikha at pagpapalitan ng kahulugan. Inilarawan ni James Carey, isang kritiko at teoristang media, ang komunikasyon bilang "isang simbolikong proseso kung saan ang realidad ay nililikha, pinanatili, inaayos, at binabago." Ayon sa kaniya, itinataguyod natin ang ating karanasan sa iba't ibang tao sa pamamagitan ng pagsusulong ng ating realidad. Mga Bahagi ng Komunikasyon	Ang bahaging ito ay nagpapaliwanag sa berbal at di-berbal na paraan ng pagpapahayag tulad ng mga kilos at senyales upang maging bukas ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pagkilala sa damdamin sa likod ng mga kilos at salita ng

	Para maunawaan ito, sa anomang komunikasyon mayroong nagpapadala at tumatanggap ng mensahe at interpretasyon ng kahulugan. Ang tumatanggap ay nagbibigay ng <i>feedback</i> sa nagpapadala ng mensahe, pareho sa panahon ng pagpapadala at pagkatapos nito. Ang mga signal ng <i>feedback</i> ay maaaring maging berbal o di-berbal, tulad ng pagtango sa pagsang-ayon o pagtingin palayo at paghinga o iba't ibang galaw. Mayroon ding konteksto ang mensahe: ang kapaligiran kung saan ito ibinibigay at potensiyal na ingay o sagabal sa pagpapadala o pagtanggap nito. Kung nakakakita ang tumatanggap sa nagpapadala, maaari niyang makuha hindi lamang ang nilalaman ng mensahe kundi pati na rin ang di-berbal na komunikasyon na ipinapakita ng nagpapadala, mula sa kumpiyansa hanggang sa kaba, propesyonismo hanggang sa pagiging kampante. Kung naririnig ng tumatanggap ang nagpapadala, maaari rin niyang makuha ang mga senyas mula sa tono ng boses ng nagpapadala, tulad ng diin at damdamin. POKUS-BASA: Basahing mabuti ang maikling sanaysay at pagkatapos ay sagutin ang ibinigay na mga tanong. Kahalagahan ng Maayos na Komunikasyon sa Pamilya [Hinango mula sa pinoycollection.com] Gaano man kahirap, importante sa isang pamilya na magkaroon ng maayos na komunikasyon. Ang pamilya ang pundasyon ng matibay at maayos na bansa kaya't marapat lamang na mapagtibay sa pamilya ang mga pangunahing katangian ng matibay at matatag na ugnayan. Kabilang sa mahalagang papel ng pamilya ang paglinang ng mga angkop na gawi at pagtugon sa pakikipag-ugnayan ng mga kasapi ng may pagsasaalang-alang sa damdamin ng kapuwa at pagiging mapagpasensiya nito sa ibang tao. Ito ay isang pangunahing yugto sa pagpapalaganap ng maayos na komunikasyon sa kapuwa. Narito ang mga pangunahing papel ng pamilya sa aspektong ito:	kausap. Mahalagang iugnay ito sa kulturang Pilipino gamit ang mga halimbawa. Talakayin ang pangkalahatang kahalagahan ng komunikasyon sa pamilya. Maipapakita ang pamilya bilang pinagmulan ng maayos na komunikasyon ang pundasyon kung paano makipag- ugnayan ang bata sa kapuwa.
--	--	---

	1. Maging Mabuting Halimbawa: Ang mga magulang at nakatatandang kasapi ng pamilya ay dapat magpakita ng mabuting halimbawa o maging modelo para sa mga nakababatang kasapi ng pamilya sa pagpapakita ng respeto, pag-unawa, at tapat na pakikipag-ugnayan sa loob ng pamilya at sa kapuwa. 2. Pagtuturo ng Pamilya: Ang sariling kilos at gawi ng mga magulang tulad ng pagiging isang mabuting tagapakinig, pagbibigay-respeto sa ideya sa kausap, pagpapanatili ng malumanay na tono sa pakikipag-usap lalo na sa gitna ng maemosyong usapin, pagpapanatili ng maayos at angkop na mga salita at emosyon sa pagsasaayos ng mga alitan o hindi pagkakasunduan, pagiging ispesipiko at nakabatay sa isyung paliwanag, at pag-iwas sa personal na kahinaan ng kausap sa pagpapaliwanag ay mahalagang bahagi sa pagtuturo sa mga kasapi nito ng mga kasanayan sa responsableng pakikipag- ugnayan. 3. Suporta at Pag-unawa ng Pamilya: Ang pamilya ay dapat maging isang lugar kung saan masusumpungan ng mga kasapi ng pamilya ang suporta, pag-unawa, pagpuna ng may malasakit, at pagtutuwid ng may pagmamahal sa anomang mga isyu o problemang kinakaharap ng sinomang kasapi ng pamilya. Ang mga kasapi ng pamilya ay dapat magtulungan upang malutas ang mga isyu at pagkakamaling nagaganap sa loob at labas ng tahanan. 4. Pakikisalamuha ng Pamilya: Ang pamilya ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga kasapi nito na masanay sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang tao sa pamamagitan ng pag- organisa ng mga aktibidad o pagsasama-sama na nagpapalaganap ng pag-unawa at pagkakaisa sa komunidad. Mga Tanong: 1. Bakit kailangan maging modelo at mabuting halimbawa ang mga nakatatandang kasapi sa pamilya? 2. Paano naimpluwensiyahan ang nabubuong karakter at personalidad ng mag- aaral dulot ng maayos na komunikasyon sa pamilya?	Maaaring magbigay ng mga halimbawa ng mga kilos at pananalita ng mga kahanga- hangang bata, puwede rin ang larawan o bidyo.
--	---	--

3. Maaari mo bang tukuyin ang ilan sa iyong pag-uugali at mga salita na natutuhan mo sa iyong pamilya? (magbigay ng tatlo). _____

_____. Mahalaga makita ng mga mag-aaral ang positibo at negatibong epekto ng teknolohiya. Tuklasin ang mga

IKATLONG ARAW

Ikalawang Paksa: Epekto ng Teknolohiya sa Komunikasyon ng Pamilya

Pagproseso ng Pag-unawa: Ang teknolohiya ay may malalim at malawakang epekto sa komunikasyon sa pamilya. Narito ang ilang mga positibo at negatibong epekto nito.

tungkulin at gampanin ng pamilya para sa maayos na komunikasyon sa kabila ng impluwensiya ng teknolohiya.

na komunikasyon

Epekto ng Teknolohiya sa Komunikasyon ng Pamilya

<https://chat.openai.com>

Positibo ng Epekto:

Mas Malawak at Mabilis na Komunikasyon

- Ang mga modernong teknolohiya tulad ng mga *smartpho*

ne, email, video call, at social media ay nagbibigay- daan sa mas mabilis at

Pagpapangatili ng Maayos na Komunikasyon sa Pamilya sa Gitna ng Paglaganap ng Teknolohiya

Magkaroon ng Regular na Oras para sa Pamilya

- Magtakda ng oras kung kailan ang buong pamilya ay maaaring magkasama- kasama nang walang anomang distraksiyon mula sa teknolohiya. Maaari itong gawin araw-araw. Sa mga oras na itinalaga para sa pamilya, siguruhing ang atensiyon ng bawat isa ay nasa pag-uusap at pakikisalamuha, at hindi

**Negat
ibong
Epekt
o:**

**Pagkalim
ot sa
Personal
na
Komunik
asyon**


- Maaarin
g
makalim
utan ang
personal
na
komunik
asyon sa
loob ng
pamilya
dahil sa
sobrang
paggami
t ng
teknoloh
iya. Ang
paggami
t

		malawak na ugnayan ng pamilya sa isa't isa kahit sa malalayong lugar. Ito ay nakakatulong sa pagpapalakas ng koneksiyon sa mga miyembro ng pamilya na nasa iba't-ibang lokasyon.	nakatutok sa mga <i>cellphone</i> o iba pang <i>gadget</i> .	ng mga digital komunikasyon ay maaaring humantong sa kakulangan ng oras na nakatutok lamang sa isa isa.	na	
		Mabilis na Pag-alam ng Balita Ang teknolohiya ay nagbibigay-daan sa mga pamilya na maging <i>up-to-date</i> sa mga pangyayari sa buhay ng bawat isa.	Magkaroon ng Bukas na komunikasyon (Open Communication) Itaguyod ang malayang komunikasyon sa pamilya kung saan maaari pag-usapan ang anomang bagay. Pakinggan ang mga opinyon, mga pangangailangan, at mga damdamin ng bawat miyembro ng pamilya.	Pag-aaksaya ng Oras Ang sobrang paggamit ng teknolohiya, la na ng mga <i>social media</i> a maaaring magresulta sa pag-aaksaya ng oras ng pamilya. Sa labis na paggamit ng <i>smartphone</i> o <i>computer</i> ay maaaring mawala ang	lo	

				oras na maaaring ginugol para sa ibang mga gawain sa pamilya.	ring a	
		Pag-aaral Ang teknolohiya, lalo na ang <i>internet</i> ay nagbibigay- daan sa mga miyembro ng pamilya na mag-aral at ma-access ang mga edukasyonal na sanggunian at pag-aaral mula sa kahit saan. Ito ay makakatulong sa pagpapalaganap ng kaalaman at pag-unlad ng kakayahan.	Mag-Set ng Mga Alituntunin Magkaroon ng mga patakaran sa paggamit ng teknolohiya sa bahay. Halimbawa, maaaring magkaroon ng oras na hindi maaaring gamitin ang <i>cellphone</i> habang kumakain o bawal maglaro ng <i>video games</i> sa mga oras ng pag-aaral. Ituro sa mga kabataan ang tamang paggamit ng teknolohiya, kasama na ang <i>online etiquette</i> at <i>online safety</i>. Ang pagkakaalam sa mga panganib ng <i>online world</i> ay mahalaga.	Mga Alalahanin sa Seguridad Ang <i>online</i> na komunikasyon ay may mga potensiyal na alalahanin sa seguridad. Maaaring ang mga miyembrong pamilya ay ma-expose sa mga panganib tulad ng <i>cyberbullying</i>, <i>online</i> na pan-aabuso, at iba pang mga <i>online</i> na peligro.		

Pinatnubayang Pagsasanay

Suriin at Paghambingin: Gamit ang *Venn Diagram* suriin at paghambingin ang mga positibo at negatibong epekto ng teknolohiya sa komunikasyon ng pamilya. Magtala ng tatlong paraan upang mapanatili ang maayos na komunikasyon sa pamilya sa kabila ng paglaganap ng teknolohiya.




	Paglalatap at Pag-uugnay Mga Panuto/Gabay: Ipagtugma ang mga salita sa hanay A sa kahulugan sa Hanay B. Ilagay ang titik sa patlang pagkatapos ay sagutin ang dalawang katanungan sa ibaba. _____1. BTW _____2. LOL _____3. OMG _____4. TBH _____5. YOLO A. <i>You Only Live Once</i> (Minsan ka lang mabuhay) B. <i>Love you Lots</i> (Mahal kita) C. <i>To Be Honest</i> (Sa totoo lang) D. <i>Oh My Gosh</i> (Hay Naku) E. <i>Laughing Out Loud</i> (Tumatawa ako nang malakas) F. <i>By The Way</i> (Siyanga pala) 1. Tingnan ulit ang mga salitang karaniwang ginagamit sa <i>social media</i> ngayon. Paano ito naiiba ang komunikasyon sa pamilya at sa kapuwa? 2. Ito ba ay masasabing positibo o negatibong epekto? Ipaliwanag ang iyong sagot.	Layunin ng gawaing ito na maipakita ang ibang uri ng pakikipagtalastasa n ngayon dulot ng <i>social media</i> at mapag isipan ng mag-aaral kung paano ito naka- aapekto sa damdamin at pag-unawa ng kausap. Tamang Sagot 1. F 2. B 3. D 4. C 5. A Balikan ang binasang sanaysay at alalahanin ang mga paraan mapatibay at mapaunlad ang komunikasyon sa
--	--	--

	3. Magbigay ng mga rekomendasyon paano mo mapapanatiling bukas at maayos ang komunikasyon at pakikitungo mo sa iyong pamilya at kapuwa sa kabila ng impluwensiya ng teknolohiya kagaya ng <i>social media</i>. Ikatlong Paksa: Mga Pansariling Paraan sa Pagpapanatili ng Maayos na Komunikasyon sa Pamilya at sa Kapuwa Narito ang ilang mga paraan upang mapaunlad ang komunikasyon sa pamilya: Maglaan ng Oras: Ang isa sa pinakamahalagang aspeto ng epektibong komunikasyon sa pamilya ay ang paglaan ng oras para sa isa't isa. Magtakda ng oras kung saan ang buong pamilya ay maaaring mag-ugnayan ng walang anomang ibang distraksiyon. Ito ay maaaring maging regular na <i>meeting</i> o <i>bonding time</i> ng pamilya. Aktibong Pakikinig: Ang pagiging mahusay na tagapakinig ay mahalaga sa pagpapaunlad ng komunikasyon. Kapag ang bawat miyembro ng pamilya ay nagmamalasakit sa anomang sinasabi ng iba, mas magiging bukas ang mga linya ng komunikasyon. Huwag magkomento o magbigay ng payo nang agad- agad kung hindi ito hinihiling; makinig muna nang buong atensiyon bago magpahayag ng reaksiyon. Pagsasalita ng Malinaw at Maayos: Ang paggamit ng malinaw at maayos na wika ay makakatulong na maiwasan ang mga pagkakamali o mis-interpretasyon sa komunikasyon. Magkaroon ng respeto sa pagsasalita at iwasan ang mga pambubulas o mapanira na salita. Buksan ang Pinto ng Komunikasyon: Laging bukas para sa pag-uusap at pagbabahagi ng kung anoman ang nararamdaman o iniisip. Huwag itago ang	pamilya at sa kapuwa. Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng kanilang sariling paraan ng pagpapanatili ng maayos na komunikasyon sa pamilya at sa kapuwa.
--	---	---

	mga problema o emosyon. Dapat ang lahat ay komportableng magpakita ng kanilang tunay na damdamin sa pamilya. Irespeto ang Opinyon: Lahat ng miyembro ng pamilya ay may kani kaniyang opinyon at pananaw. Mahalaga na respetuhin ang mga ito kahit pa may pagkakaiba sa mga pananaw. Ang pagpapakita ng respeto ay makakatulong sa pagbuo ng mas mainam na komunikasyon. Pagsasama-sama ng Pamilya: Ang mga pamilya na may regular na <i>bonding activities</i> ay mas nagkakaroon ng pagkakataon na magkaroon ng mas personal na ugnayan. Magkaroon ng mga <i>family outings</i> o gawain na nagpapalakas sa samahan ng pamilya. Maaaring gawin ang sabay-sabay na pagsimba, pagkain sa loob man o labas ng tahanan, at iba pang katulad na gawain. Tamang Paggamit ng Teknolohiya: Habang ang teknolohiya ay makakatulong sa komunikasyon, siguruhing ito ay ginagamit nang balanse. Huwag hayaang maging sanhi ito ng pagkawatak-watak o kawalan ng personal na ugnayan sa pamilya. Pagpapatupad ng mga Alituntunin sa Tahanan: Mahalaga ang pagkakaroon ng mga patakaran o alituntunin sa tahanan na nagpapahayag ng respeto at pagmamalasakit sa isa't isa. Ito ay maaaring isama sa pagpupulong ng pamilya para magkaroon ng kolektibong kasunduan. Pagtutulungan sa mga Gawain: Ang pagtutulungan sa mga gawain sa bahay ay maaaring maging pagkakataon para magkaroon ng mas kaaya-ayang ugnayan. Ito ay maaaring isang paraan ng pagkakasama at pag-aambag sa pamilya. Sa pagpapalakas ng komunikasyon sa pamilya, mahalaga ang pagtutok, pag- unawa, at pagmamahal. Ang maayos na komunikasyon ay magpapabuti ng mga relasyon sa loob ng pamilya at mapapalakas ng samahan. Pinatnubayang Pagsasanay ALAM KO, PAKITA KO Balikan ang sanaysay ukol sa Komunikasyon. Pagkatapos ninyong talakayin at unawain ang kahulugan at kahalagahan ng maayos na komunikasyon, sagutin ang gawain.	
--	--	--

			Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga sagot.
	ALAM KO Tukuyin ang tatlong [3] mga aral na natutuhan mula sa iyong pamilya kaugnay ng maayos na komunikasyon	PAKITA KO: Isulat kung paano maipapakita ang mga aral na natutuhan tungkol sa maayos na komunikasyon sa pamilya.	
	Halimbawa. Respeto sa opinyon ng kasapi ng pamilya	Halimbawa. Ipinapakita ko ito sa pamamagitan ng paghingi at pakikinig sa ideya ng bawat kasapi ng pamilya	
	1.		
	2.		
	3.		
	4.		
	5.		
	Paglalatapat at Pag-uugnay Ilista ang iba't ibang aral na natukoy nang mga estudyante at ang iba't ibang pamaraan na naipapakita o naisasabuhay. Ipahiwatig sa klase na ang mga positibong pamamaraan ay makakatulong ng maayos na pakikipag-ugnayan at makakatulong sa pagpapatibay ng relasyon sa pamilya, kapuwa, at pamahalaan.		
D. Paglalahat <i>(Abstractions)</i>	IKAAPAT NA ARAW 1. Pabaong Pagkatuto: Sagutin ang mahalagang tanong gamit ang mga larawan at salitang pantulong sa kanan. Punan ang mga patlang ng angkop na salita.		

	Paano mapapanatili ang maayos na komunikasyon  1  2  3 angkop na pananalita mapagpasensiya damdamin saya kanta pag-ibig  Mauunawaan ng mag-aaral na ang maayos na komunikasyon sa pamilya ay mapapanatili kung laging isasabuhay ang pagiging 1. _____, paggamit ng 2. _____ _____, at pagsasa-alang- alang sa 3. _____ _____ng kapuwa bilang pundasyon ng komunikasyon sa pamilya. Paggawa ng Liham ng Pasasalamat. para sa iyong pamilya Gumawa ng isang maikling liham ng pasasalamat 1. Pagninilay sa Pagkatuto.	Tamang Sagot 1. mapagpasensiya 2. paggamit ng angkop na pananalita 3. damdamin
--	--	---

	Bumuo ng isang pagsusuri sa sarili sa ginawang pagtalakay sa aralin na isinasaalang-alang ang sumusunod: 1. Nakuha mong mensahe sa aralin: _____. 2. Gawaing nakatulong sa iyo para maintindihan ang mensahe ng aralin _____. 3. Mga kaisipang nagsisilbing inspirasyon para mapabuti ang sarili _____.	
--	--	--

E. Pagtataya (Tools for Assessment)	Lagumang Pagsusulit. Basahing mabuti ang mga pangungusap at piliin ang tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel. - Bakit mahalaga sa isang pamilya na magkaroon ng maayos na komunikasyon? - Sapagkat ang pamilya ang pundasyon ng maayos at matibay na bansa. - Sapagkat lahat ng tao ay nagmula sa isang pamilyang may maayos na komunikasyon. - Sapagkat sa pamilya nalilinang ang mga angkop na gawi at pagtugon sa pakikipag-ugnayan na may pagpapahalaga sa maayos na komunikasyon. - Alin sa mga sumusunod na gampanin ng pamilya ang nagtuturo sa mga kasapi ng mga angkop na gawi at pagtugon sa maayos na komunikasyon sa kapuwa? - suporta at pag-unawa ng pamilya - pakikisalamuha ng pamilya - pagtuturo ng pamilya - Alin sa sumusunod na kilos at gawi ang nagpapakita ng maayos na komunikasyon at ugnayan ng pamilya? - pagsagot sa mga tanong ng magulang - pagsasabi ng nasa isip at lantarang pagpapahiwatig ng nararamdaman sa lahat ng mga kasapi ng pamilya - pagpapanatili ng malumanay na tono sa pakikipag-usap lalo na sa gitna ng maemosyong usapin sa pamilya - Paano maipapakita ang maayos na pakikipag-ugnayan sa kapuwa? - Pagtugon ng may layuning ipakita ang kamalian ng kapuwa. - Pagtugon ng may pagsasaalang-alang sa damdamin ng kapuwa. - Pagtugon ng may pag-usisa kung sino at ano ang tama at mali. - Ang sumusunod ay mga halimbawa ng angkop na pananalita at mga paraan ng maayos na komunikasyon sa kapuwa. Alin ang naiiba? - pagpapasalamat at paghingi ng paumanhin sa kapuwa - pakikinig at pagpapakita ng respeto sa opinyon ng iba - pagpaparamdam at pagpapahiwatig ng pagsang-ayon at	Tamang sagot: - C - C - C - B - C
---	---	--

	di pagsang-ayon gamit ang hugot <i>lines</i> .	
--	--	--

	Tama o Mali. Basahin nang mabuti ang pahayag. Isulat ang letrang T kung ang pahayag ay Totoo o letrang M kung Mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. 1. Ang pagkakaroon ng mga alituntunin sa paggamit ng teknolohiya sa bahay ay magpapanatili ng maayos na komunikasyon sa pamilya. 2. Ang malayang komunikasyon sa pamilya ay nagpapanatili ng maayos na komunikasyon sa pamilya. 3. Ang malawak at mabilis na komunikasyon sa pamilya ay may negatibong dulot sa pagpapanatili ng maayos na komunikasyon sa pamilya. 4. Ang sobrang paggamit ng teknolohiya lalo na ng mga <i>social media</i> ay maaaring magresulta sa pag-aaksaya ng oras ng pamilya. 5. Ang mga miyembro ng pamilya ay hindi maaaring ma-expose sa mga panganib sa <i>online</i> na komunikasyon. Enumerasyon. Ilista ang limang (5) paraan ng pagpapaunlad ng komunikasyon sa pamilya: 1. 2. 3. 4. 5. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin Panoorin ang bidyo ""International Week of the Deaf People"	Tamang sagot: 1. T 2. T 3. M 4. T 5. M Tamang sagot: 1. maglaan ng oras 2. akti bong pakikinig 3. pagsasama-sama ng Pamilya 4. tamang paggamit ng teknolohiya 5. pagpapatupad ng mga alituntunin sa tahanan Pwede rin ang bidyo na ito o kung my makikitang mas
--	--	--

	<i>Titulo: International Week of the Deaf People / animation/ Call for everyone to learn sign language.</i> https://www.youtube.com/watch?v=himAkelveE0 Mga <i>insight</i> na nakuha sa bidyo 1. Hindi lahat ng komunikasyon ay berbal o pasalita 2. Dapat tayo'y matutong makihalubilo kahit sa taong may problema sa pandinig. 3. Kahit na ang mga may problema sa pandinig nararapat na magkaroon ng masaya at produktibong buhay.	maganda para sa lebel ng mga mag- aaral: https://www.youtube.com/watch?v=4m4h2E7cQ64 https://www.youtube.com/watch?v=himAkelveE0 Pwede rin si titser gumawa ng sariling takdang- aralin.
--	--	---

F. Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.
	<i>Estratehiya</i>			
	<i>Kagamitan</i>			
	<i>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</i>			
	<i>At iba pa</i>			

G. Pagninilay Ang bahaging ito ay	<i>Gabay sa Pagninilay:</i> ▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> <i>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</i> ▪ <u>Mag-aaral</u> <i>Ano ang gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</i> ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> <i>Ano ang aking nagawang kakaiba?</i> <i>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</i>	Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.
---	---	---